# Iginawad ng Kenneth Rainin Foundation ang 2024 Rainin Arts Fellowship sa Apat na mga Artista at Kolektiba ng Bay Area

## *Ang mga Fellow ay makatatanggap ng $100,000 ng walang paghihigpit sa pagpopondo gayun din sa iniakmang pandagdag na suporta*

(OAKLAND, CA—April 24, 2024) Inanunsyo ngayon ng **Kenneth Rainin Foundation** ang 2024 na mga tatanggap ng **The Rainin Arts Fellowship**, isang taunang programa na nagpaparangal sa mga bisyonaryong artista at kolaboratibo para sa kanilang makabuluhang kontribusyon sa mga pangkulturang ecosystem ng Bay Area. Ang bawat Rainin Arts Fellow ay makakatanggap ng $100,000 na walang paghihigpit sa pagpopondo bilang karagdagan sa iniakmang suporta, na maaaring kabilang ang pinansyal na pagpaplano, pagsasanay at pagtuturo, at mga serbisyong legal, na naaayon sa kani-kanilang mga pangangailangan at layunin.

Itinatag noong 2021 at pinangangasiwaan ng **United States Artists**, ang The Rainin Arts Fellowship ay kinikilala at pinopondohan ng mga artista sa apat na disiplina ng **Sayaw, Pelikula, Pampublikong Espasyo** at **Teatro**. Ang mga artistang ito ang nagtutulak sa mga hangganan ng malikhaing pagpapahayag, angkla sa mga lokal na komunidad at nagsusulong ng larangan ng sining. Ang 2024 Rainin Arts Fellows ay kumakatawan sa isang intergenerational na pangkat na may malalim na pinag-uugatan sa Bay Area, na ang dedikasyon sa kanilang mga komunidad ay may malalim na epekto na umaalingawngaw sa loob at labas ng rehiyon.

Ang pangkat ng 2024 ay kumukuha sa mayamang artistiko at aktibistang mga pamana sa Bay Area, na naglalabas ng mga dinamikong kasaysayan habang bumubuo rin ng mga bagong network ng artistikong produksyon. Habang naka-angkla sa kani-kanilang prospektibong mga disiplina, ang kanilang gawa ay nagbubukas sa maraming anyo ng kasiningan, na sumasaklaw sa iba't ibang heograpiya at sumasaklaw sa kultura at henerasyonal na prospektibo. Labis pa sa kanilang mga indibidwal na artistikong bisyon, ang bawat isa sa kanilang mga kasanayan ay sumasalamin sa isang pangako sa paglinang ng mga istruktura at mga espasyo para sa kolektibong artistikong inobasyon, pagtaguyod ng kolaboratibong pagkukuwento, pagbuo ng komunidad at pantay-pantay na pagbabago.

**<u>Ang 2024 Rainin Arts Fellows ay sina:</u>**

- **[Adrian L. Burrell](#) (Pelikula)** ay isang ikatlong-henerasyon na Oakland artist na gumagamit ng potograpiya, instalasyon, film at experimental media. Ang gawa ni Burrell ay sumusuri sa mga isyu ng lahi, klase at intergenerational na mga dinamiko, na nagbibigay ng mga pagkakataon kung saan ang kolektibong pagkukuwento ay maaaring maging isang lugar para sa pag-alala. Ang multimedia na kasanayan ni Burrell ay ipinakita at nai-publish sa buong mundo at siya ay nagkaroon ng mga residensya sa SFFILM, Black Rock Senegal at ang Black Freedom Fellowship sa Salvador, Brazil. Ang serye ni Burrell na “It's After the End of the World, Don't You Know That Yet?,” na sumusuri sa ninormalisadong karahasan na dinulot sa buhay ng mga Itim, ay nasa permanenteng koleksyon ng SFMOMA. Ang kanyang maikling dokumentaryo na "The Game God(S)" ay pinalabas sa pamamagitan ng The New Yorker noong 2022. Siya ay nasa pagbuo sa kanyang unang tampok na pelikula na, "Cousins," na tungkol sa tatlong mgs bata mula sa East Oakland na ipinadala sa isang masukal na pakikipagsapalaran pagkatapos na ang kanilang paboritong pinsan ay tumakas sa house arrest. Ang pelikula ay ang tumanggap ng 2022 SFFILM Rainin Grant.

- **Antoine Hunter, aka Purple Fire Crow (Sayaw)** ay isang award-winning, kilalang Itim internationally, Katutubo, Bingi at May kapansanang koreograpo, mananayaw, aktor, tagapagturo, tagapagsalita, prodyuser at tagapagtaguyod ng bingi. Si Hunter ay lumilikha ng mga oportunidad para sa mga artistang May Kapansanan, Bingi at Hirap sa pandinig at gumagawa ng mga Deaf-friendly event. Si Hunter ang nagtatag ng Urban Jazz Dance Company noong 2007 at ang Bay Area International Deaf Dance Festival noong 2013 upang isulong ang kultura ng Bingi sa pamamagitan ng sayaw. Ang bagong obra ni Hunter na "GentriDeafcation: Echoes of Houselessness in the Bay" ay sumisiyasat ng mga totoong kwento ng mga Bingi at mga May Kapansanan na indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa loob ng komunidad ni Hunter. Ang gawa ni Hunter ay isinagawa na sa buong mundo at si Hunter ay tumanggap ng maraming mga parangal, kabilang ang 2023 Dance Magazine Award at ang 2022 Disability Futures Fellowship.

- **Ayodele "WordSlanger" Nzinga, MFA, PhD (Teatro)** ay isang multi-disciplined artist, tagapagtaguyod ng komunidad, tagapagturo ng sining at arkitektong pangkultura na nagbuhos ng panahon sa paglikha ng mga istruktura na nagpapadali sa pangkulturang produksyon. Nagtatrabaho sa interseksyon ng kapakanan ng komunidad, soberanyang pangkultura, transpormasyon at pagbabago, si Nzinga ay isang renaissance na babae: isang may-akda, direktor, prodyuser, thespian, dramaturge at ang pampasinayang Poet Laureate ng Oakland. Si Nzinga ay ang direktor na nagtatag ng Lower Bottom Playaz, ang pinakamatandang kumpanya ng teatro sa North American African ng Oakland, pati na rin ang Black Arts Movement Business District Community Development Corporation ng Oakland. Siya ay isang lider at nag-aambag sa maraming iba pang mga institusyong pangkultura at mga kolektibo, na nagpapasigla sa artistikong kasanayan sa kanyang komunidad. Siya rin ang may-akda ng apat na mga aklat ng tula at ang kanyang gawa ay lumabas sa maraming mga antolohiya.

- **TNT Traysikel (Michael Arcega, Paolo Asuncion, at Rachel Lastimosa) (Pampublikong Lugar)** ay isang pangkat na nagsimulang magtrabaho nang sama-sama sa SOMA Pilipinas Arts & Culture Committee upang pataasin ang bisibilidad, empowerment, at pagkilala sa komunidad ng Filipinx American sa pamamagitan ng sining. Ang kanilang mga aktibidad ay malabong kumbensiyonal at di-tradisyonal na mga kasanayan sa sining, na kinuha ang pormang pang-eskultura, ispatiyal, relational, performative at sinematiko. Kasama sa mga proyekto ang TNT SideCaraoke, mga aktibasyon ng karaoke ng mga masasayang sing-along; "Lost and Found: TNT in America," isang maikling pelikula na nakasentro sa isang bagay na imigrante na naghahanap ng tahanan sa Amerika; at ang TNT SideNotes, mga sesyon sa pakikinig upang bigyan ng espasyo ang mga miyembro ng komunidad na ibahagi ang kanilang mga kuwento. Ang mga libre at inklusibong event ng TNT Traysikel ay nangyayari sa mga museo, galeriya, plaza, parke at sa mga bangketa.

"Kami ay masaya na parangalan ang dinamikong grupong ito ng mga kahanga-hangang artista bilang 2024 Rainin Arts Fellows. Ang mga Fellow ngayong taon ay kumakatawan ng magkakaibang sining na isang puwersang nagtutulak sa pagpapasulong ng panlipunan at pangkultura na pag-unlad ng Bay Area," sabi ni **Ted Russell, Direktor, Arts Strategy & Ventures sa Kenneth Rainin Foundation**. "Ang kanilang gawa ay nilikha nang may malalim na dedikasyon sa kanilang mga komunidad, kadalasang nagbibigay ng boses at nagpapalakas sa marami pang iba na matagal nang kulang sa pagkikilala sa Bay Area."

Ang 2024 Rainin Arts Fellows ay pinili ng apat na mga hurado sa Bay Area—Valerie Imus, Debby Kajiyama, Ely Sonny Orquiza, at Amanda Salazar. Ang proseso ng pagpili sa taong ito ay nagbigay ng higit na diin sa nakasentro sa artistang pamamaraan ng Foundation sa pamamagitan ng pagkilala sa isang grupo ng mga bisyonaryo na nakatanggap ng maraming nominasyon mula sa mga artista ng Bay Area at mga pinunong pangkultura sa mga nakaraang taon. Binawasan ng prosesong ito ang gawain ng mga aplikante, na pinahihintulutan sila na muling gamitin ang mga aplikasyon ng mga nakaraang taon. Habang ang bagong prosesong ito ang nagdetermina ng 2024 Fellows, hindi ito sumasalamin ng opisyal na pagbabago.

Ngayon sa ika-apat na taon nito, ang The Rainin Arts Fellowship ay isang modelo para sa holistic artist na suporta na sinisiguro na ang Bay Area ay nananatiling tahanan para sa mga bisyonaryong artista. Ang modelong pilantropika na batay sa tiwala ng Fellowship ay pinarangalan ang mga angkla ng pangkultura at nakasentro ang mga pangangailangan ng artista. Ang mga artista ay tumatanggap ng malaki, walang paghihigpit na perang parangal, pati na rin ang karagdagang suporta na iniakma sa mga partikular na pangangailangan at layunin ng bawat Fellow. Ang makabuluhang suportang ito ay nagsisilbing isang katalista para sa isang larangan ng mga posibilidad ng paglikha para sa mga artista na umunlad sa kanilang mga kasanayan, na kasunod naman ang pagpagpapalakas ng ecosystem ng sining at kultura ng Bay Area.

Sa higit pang impormasyon tungkol sa ngayon taong Rainin Arts Fellows at sa programa ng The Rainin Arts Fellowship ay matatagpuan sa website ng Kenneth Rainin Foundation here.

###

**Ang tungkol sa Kenneth Rainin Foundation**

Ang Kenneth Rainin Foundation ay isang foundation ng pamilya na nakikipagtulungan sa mga malikhaing kaisipan sa Sining, Edukasyon at Kalusugan. Kami ay naniniwala sa pagkilos ng mapanganib na may talino upang makamit ang mga pambihirang tagumpay. Sa 2024, ipinagdiriwang ng Foundation ang ika-15 taon ng pormal na pagbibigay suporta sa mga bisyonaryong artista sa Bay Area, lumikha ng mga oportunidad para sa mga pinakabatang mag-aaral ng Oakland, at pondohan ang mga mananaliksik na nangunguna sa mga siyentipikong pagtuklas. Mula pa noong 2009, ang Foundation ay naggawad ng $58 milyon sa pagpopondo upang suportahan ang mga indibidwal na artista at maliliit hanggang katamtamang laki ng mga organisasyon ng sining ng Bay Area na nagtutulak sa mga hangganan ng malikhaing pagpapahayag. Higit pa sa krfoundation.org

**Tungkol sa United States Artists**

Ang United States Artists ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pangkulturang ecosystem ng Amerika, sinusulong nag kapakanan ng mga artista sa pamamagitan ng walang paghihigpit sa pagpopondo at mga iniakmang serbisyong propesyonal, pagpapalakas ng trabaho ng mga artista, at pagpapabuti ng mga kondisyon na sumusuporta sa kanilang mahahalagang tungkulin sa lipunan. Itinatag noong 2005 at nakabase sa Chicago, IL, ang United States Artists ay naggawad sa higit sa 877 indibidwal na may higit sa $45 milyon ng direktang suporta sa buong pangunahing programa ng Fellowship nito at sa mga espesyal na Inisyatiba nito.

**PRESS CONTACTS**

Jackie Anyanwu
Senior Account Executive, Cultural Counsel
jackie@culturalcounsel.com

Devon Ma
Senior Account Coordinator, Cultural Counsel
devon@culturalcounsel.com

Flannery Strain
Account Coordinator, Cultural Counsel
flannery@culturalcounsel.com